**‘SANG MAHABANG BYAHE**

Ni Christopher Palomares

Lunes, katanghalian na nang makaalis ako sa bahay. Mabilis lang ang byahe ng tricycle mula Coloong tungong Malanday. Nag-aalinlangan pa ako kung tutuloy pa ba ako sa SM Marilao dahil natapat ang byahe sa trapik dahil maraming *truck.* Mas mahaba pa ang oras ng paghihintay ko ng dyip dahil sa dami ng taong kasabayan ko.  Mukhang mamamasyal sa Bulacan dahil ilang pamilyang nakagayak ang nakakasalubong kong bagot kahihintay ng dyip. Sabagay, nasa pandemya pa rin naman tayo. Hayok ang mga tao makagala para makahinga at makabawi mula sa iniwang pinsala ng pandemya. Ilang taon din tayong hindi nakalabas kaya ngayong maluwag na ay hindi ko sila masisisi kung bakit punuan sa dyip. Natural na lang din naman ang baltakan at tulakan sa pagsakay. Kahit wala pa mang pandemya ay ganito na ang ginagawa natin. Kaya inilipat ko ang bag ko sa harapan at nagmamadaling sumingit sa maraming tao para makasakay. Nagmamadali at pawis na pawis pa akong umupo sa dyip.

Alas-9 ng umaga natatapos ang *truck ban* sa Meycauayan kaya maraming sasakyan ang nagmamadali kapag tanghali. Babalik naman ang ban kapag sumapit na ang alas-5 ng hapon kaya asahan na ang dose-dosenang *truck.* Mula Malanday hanggang Bancal, natural lang ang takbo ng dyip. Hindi siksikan at malalanghap mo pa ang nakakasulasok na usok sa mabilis na hampas ng hangin. Akala ko maganda ang magiging takbo ng byahe. Pero pagdating sa Meycauayan, ni hindi pa kami nakakalampas sa tulay sa may Banga, nagsimula na ang inaasahang trapik.

“Sabi ko na nga ba e!”, buntong hininga ng katabi ko.

Ramdam ko ang inis ng ibang pasahero habang nanlilimahid din sa pawis at antok sa mainit na panahon. Gusto ko rin munang pumikit tulad ng batang katabi ko, kaya lang hindi ako makatulog dahil wala akong kasama at baka malimutan ko pa ang gamit ko. Napapaisip na lang ako kung may nakatago ba akong balat sa puwet dahil sa tuwing mamasahe ako ay lagi kong naaabutan ang trapik. Naalala ko nang pupunta ako ng Monumento at Intramuros, ilang minuto o oras din ata ang ginugol ko sa kalagitnaan ng Marulas dahil sa bagal ng usad. Ganoon din sa tuwing dadaan ako sa Polo, laging sa Malabon ako naaabutan ng matagal na byahe papunta sa Monumento. Halos sa lahat ng puwede kong daanan papunta roon ay laging natatapat sa trapik. Sabi ng kuya ko, dahil mabagal ako kumilos kaya naabutan ako ng trapik. Kung maaga ako

nagising at naligo ay baka naabutan ko pa raw ang pagbubukas ng mall. Kailangang makiayon sa sistema, masanay na para hindi mapaghulihan. Sa isip ko ay lagi na lang ba tayong mag-a-*adjust* ng panahon sa ganitong danas?

Trapik sa Meycauayan. Habang nasa dyip pa ako at naghihintay makausad kahit pauntal-untal, naisip kong libangin ang sarili. Wala akong *load* kaya ‘di ako makanood sa *cellphone.* May libro ako kaya lang hindi ko mailabas sa *backpack* dahil siksikan kami sa loob. Upong tres na nga lang ang puwesto ko. Kaunting usod ko lang ay halos nanlilisik agad ang mata ng mga katabi ko kaya wala akong magagawa kundi magtiis. Pinansin ko na lang lahat ng madadaanan namin, kahit sa pinakamaliit na detalye. Ganito pala ang magagawa ko sakaling mabagal ang panahon; mananamnam ko bawat detalye. Kahit *bubblegum* sa hawakan ng dyip mapapansin mo kung mabagal umusad ang bawat bagay. Sinanay tayo ng sistema na laging magmadali dahil bawat oras ay mahalaga. Hindi lang halaga bilang pananaw ng mga Filipino sa importansya ng oras, halaga rin na may materyal na katumbas tulad ng pera.

Nang makarating kami sa Meycauayan Stoplight, sa kanto ng papasok pa-Malhacan, una kong napansin ang mga imahe, karatula na nagbibigay impormasyon o mga *road signs*: “DO NOT BLOCK Intersection”, “Traffic Advisory: Total Truck Ban…”, “No entry…”. Ito ay mga Tanawing Pangwika (*Linguistic Landscapes*) sa pampublikong espasyo. Pumasok sa isip ko na ito ay usaping pangwika at politika. Baka kaya hindi nila pinapansin ang mga karatula ay dahil hindi naman din naiintindihan ng iba ang wikang ginagamit dito. Nauunawaan man, pero iba pa rin ang nakasulat sa wika natin (Filipino). Ang kinokonstrak ng Tanawing Pangwika ang adyenda at ideolohiya ng mga taong nagpaparating nito.

Politika dahil ang mga karatula tulad ng *road signs* ay mula sa pamahalaan kaya mayroong gampanin at kinalaman ang gobyerno sa paghubog sa kognisyon ng mga tao sa pampublikong espasyo. Baka nga kaya may tumatawid pa rin sa maling tawiran dahil nakalagay ang “No Jaywalking”. Hindi ko minamaliit ang mga mambabasa nito sa pag-unawa ng Ingles pero uugat pa rin ito na maraming *street dwellers* ang tumatanggap ng mga karatula at marami sa kanila ang hindi nakapag-aral dahil sa kakulangan ng suportang pinansyal. Baka kaya nang isalin sa Filipino bilang “Bawal Tumawid, Nakamamatay” ay hindi pa rin nila sinusunod o nasusunod dahil nauna nang makondisyon sa karatulang hindi nila naunawaan. Usaping politika at pangwika, dahil kung babatayan si Spolsky, inaasahan na sa pagsulat ng mga Tanawing

Pangwika ay: isusulat ito sa wikang alam mo; sa wikang alam ng inaasahang tagatanggap nito; at sumulat sa wikang gusto mong ikonekta sa karatula mo. Ang gusto ko lang sabihin ay may gampanin ang pamahalaan na ipaunawa sa publiko ang mga karatulang itinakda ng batas sa paraang gagamit ng wikang mauunawaan ng Filipino, mapa-iskolar, drayber, o *street dwellers* man. Hindi dapat ito *selective* sa taong tatanggap. Sa isang banda, isa rin ito sa nagsasanhi ng trapik. May mga 'pasaway' sa kalsada. Ang irresponsableng mamamayan ay hindi lang naman nagmula sa pagiging walang pake nila. Malaki rin ang epekto ng ganitong publikong tanawin kaya sila nagiging ignorante, hindi nila maunawan ang wika kaya hindi nila maunawaan ang sinasabi ng mga karatula.

Sunod kong napansin ang kalsada. Nasa Meycauayan Complex pa lang kami pero tanaw ko na ang naglilikuang motor dahil sa ginagawang daan. Totoo nga ang mga nakikita kong *meme* sa *facebook* dati na sa Bulacan, hindi pa man sira ang daanan ay sinisira na nila. Ganyan sila ka-*advance* mag-isip. Isa siguro sa dahilan kung bakit lalong nagkakatrapik ay mga ginagawang daan sa Meycauayan-Marilao. Mainam na inaayos ang kalsada pero hindi na maganda kung buwan-buwan ay may inaayos. Naiisip ko na kaya ganito ay dahil walang kalidad ang ginagawa ng pamahalaan. Kung mahusay ang pagkakabuo baka magamit ito nang mahabang panahon. Pero sa kaso ng mga kalsada sa bansa, nasasayang lang ang buwis ng bayan sa mga proyektong mukhang hindi pinag-isipan at pinaghandaan nang mabuti.

Ilang minuto rin ang ginugol namin sa kahabaan ng Mecauayan. Matapos ang mahabang pagbaybay ay nakarating na rin kami sa SM. Kita ko naman sa mga bumababang pasahero ang buntong hininga matapos makarating sa destinasyon nila. Pansamantala silang makakahinga at makapamamasyal. Nalanghap ko rin ang malamig na hangin sa loob ng *mall.* Nakapamili ako nang mabilis sa *hypermarket* at nakadaan sa iba't ibang stalls. Nagmamadali ako dahil malaking bahagi ng oras ko ang kinain ng trapik. Pinilit kong tapusin ang pamimili nang wala pang isang oras. Ang huling dinaanan ko ay National BookStore para sa *ballpen*. Naubusan ako ng binibili kong tatak ng *ballpen* na green. Hindi naman ito ang pinunta ko sa SM, makakabili naman din ako sa labas ng *ballpen.* Pero naisip ko lang na kung maaga ako nakapunta sa SM, baka naabutan ko pa ang *ballpen*. Mas mahaba pa ang ginugol ko sa byahe kaysa sa pamamalagi sa *mall*. Parang kailangan laging magmadali sa pagbili sa SM dahil inubos na ang oras mo ng byahe.

Ginugol ko na lang ang oras ko, hanggang mag alas-6, sa Food Court. Bumili ako ng *sizzling porkchop* at *buko shake*. Ang sabi ko na lang, kapag yumaman ako ay bibili ako ng kotse para hindi ako mukhang gusgusin kapag bumabyahe. Marami ring sasakyan pribado sa daan at iilan lang naman ang sakay kaya rin may trapik. Kaya lang, baka kaya hindi sila sumasakay sa dyip o pampublikong sasakyan ay dahil ayaw nilang maranasan ang naranasan ko sa byahe. Mag-uugat pa rin talaga ang lahat sa isang maganda at maayos na *transportation system* sa bansa. Kung may matibay na plano at maayos na implementasyon sa transportasyon ay baka mabawasan natin ang trapik. Kung bibigyang tulong ng pamahalaan ang mga tsuper, subsidiya at hindi pautang, baka hindi na rin nila ipilit ang siyamang upo sa dyip dahil may maayos na silang kita. Kung makakapagpatayo nang maayos na imprastrakturang pangdaan ay baka mabilis ang mobility ng mga sasakyan at maging sa tag-ulan ay makakaraan na. Kung ganito lang, baka mas gustuhin pa ng mga may sariling sasakyan na sumakay sa publikong sasakyan. Hindi tayo mapapagod kahihintay at pag-uunahan makasakay, tipong pag-uwi mo ay may oras ka pang gawin ang gusto mo. Masarap tamasahin ang ganito kaya lang malayo pa ito sa realidad. Baka kahit matapos kong lakarin ang Valenzuela papuntang Batangas ay hindi pa rin natin nakakamit kahit kalahati ng mga ‘kung’ ko.

Kasalanan ng sistema ang trapik. Hindi naman talaga negatibo ang konotasyon sa salitang trapik kung titingnan sa konteksto ng ibang bansa; patungkol ito sa daloy ng mga sasakyan. Sa atin lang naging negatibo kaya inilapat sa sala-salabat na daloy ng sasakyan o mabagal na pag-usad ng byahe. Muli, dahil kasakay ng wika ang lipunan kaya nagiging ganito ang pahiwatig natin kapag sinabing trapik. Isinasakonteksto natin sa nararanasan o sistemang kinagisnan natin. Pangit ang sistema ng publikong transportasyon kaya trapik.

Natatawa na lang ako sa naalala kong *facebook post*, dahil minsan ay okay lang daw matrapik dahil nagkakaroon ka ng pagkakataon sa sarili mo. Totoo na habang nasa byahe ay nakakapag-isip ako dahil bumabagal ang panahon, maski maliit na detalyeng hindi ko napapansin noon ay nakikita ko. Pero hindi ito mabuti sa kalusugang mental natin. Sa pananaw ko, hindi talaga okay ang matrapik para magkaroon ng oras sa sarili mo. Kailangan mawala ang trapik para magkaroon ka ng mas maraming oras sa sarili mo. Usaping panlipunan pa rin ang trapik at hindi ito dahil makupad kang kumilos. Mas makikita mo ang detalye ng bawat bagay kung may mahabang oras kang gawin ang gawain mo at hindi kakainin ang kalahati ng buhay

mo ng byahe. Mas magkakaroon ka ng panahon pansinin ang bagay na hindi mo pinapansin dati. Hindi rin *healthy* mag-isip at magnilay-nilay sa dyip habang pawis, mausok, at masikip. Hindi gaganda ang kalusugan mo dahil sa nakakasulasok ang paligid. Kaya kung makapag-isip ka man habang nasa dyip ay hindi puro positibo ang mabubuo mong imahe sa isip. Baka masira pa lalo ang wisyo mo. Mainam mag-isip sa lugar na payapang makakapaglakbay ang utak mo. Kung walang trapik baka mas maganda ang mental na kalusugan ng mga Filipino dahil hindi na ito sasabay sa iniisip nila at mas magkakaroon sila ng oras mag-isip nang matiwasay.

Siguro ang trapik ang *status symbol* ng isang bansa; kapag wala nang trapik o naiibsan na, senyales ito na bumubuti na ang kalagayan ng bansa. Kung ganito, marami pa tayong dyip na sasakyan para magkaroon ng maayos na sistema. Natrapik din ata ang pamahalaan sa pag-aamyenda sa sitwasyon ng mga drayber. Hindi natin matatamasa ang maayang lipunan kung may uring nakikinabang pa sa ibang uri. Ang byahe natin ay isang mahabang panahon pa ng pakikipaglaban.  Kung ako bilang pasahero ay mayroong maraming karanasang sa dyip, paano pa kaya ang mga drayber bilang isang marhinalisadong sektor at ‘di nabigyang boses.

Sa huli, umuwi ako ng bahay na pagod. Parehong trapik ang kinaharap ko pag-uwi. Minsan kailangan nating ibahin ang nakasanayan nating daan para umalpas sa paikot-ikot na sistema. Mahaba pa man ang lalakbayin natin, kailangan nating umusad. Masarap bumyahe nang walang iniisip.